

Ang Sektor ng Pagproseso ng Pagkain sa Lungsod ng Brampton ay nasa Puwestong #1 para sa pangatlong kasunod na taon

BRAMPTON, ON (Hulyo 15, 2022) – Kahapon, ang Lungsod ng Brampton ay nakatanggap ng nagungunang karangalan sa unang puwesto na ranking sa katagorya ng Food Processing Leaders sa Business Facilities Magazine 18th Annual Metro Rankings Report. Ito ang pangatlong kasunod na taon na ang Lungsod ay kinilala sa ranking na ito.

Nakatanggap ang Brampton ng nangungunang pagkilala para sa isang pilot na programa na inilunsad sa fall 2021 para palakihin ang pipeline ng manggagawa para industriya ng pagproseso ng pagkain. Ang ibang mga factor na nakakaambag sa ranking ay ang pangengempleo, mga pagpapalaki at programa para sa industriya. Ang kumpletong 2021 Rankings Report ay makikita sa www.businessfacilities.com.

Bilang bahagi ng Cluster sa Pagkain ng Ontario, isa sa pinakamalalaking sektor ng Agri-Food sa North America, ang Brampton ay may isang umuunlad na sektor sa pagkain at inumin na suportado ng teknolohiya na nangunguna sa industriya, mga produktong nangunguna ang kalidad, at mayaman na tradisyon sa agrikultura. Ang sektor ng pagkain at inumin ng Brampton ay isang one-stop shop na kumpleto sa pagsubok sa pagkain, mga pasilidad ng pagproseso at pagpakete pati na rin sa transportasyon, disenyo ng pakete, kasangkapan at refrigeration storage, lahat sa loob ng lungsod.

Ang mga sektor ng pagkain at inumin sa Brampton ay nakakaambag ng \$1.3 bilyon taon-taon sa Canadian GDP. 8,500 katao ang naka-empleyo sa tinatayang 300 kumpanya sa paggawa, pagproseso at mga support industry ng pagkain at inumin.

Ang nangungunang mga employer sa sektor ng pagkain at inumin sa Brampton ay kinabibilangan ng mga headquarter para sa Loblaws, Maple Lodge at Italtasta. Dagdag pa, ang mga mahahalagang employer tulad ng Coca-Cola Bottling at Give and Go Prepared Foods ay may mga pasilidad sa Brampton. Ang lahat ng mga kumpanyang ito ay maparaang ipinwesto ang mga sarili nila sa loob ng Brampton para samantalahin ang talento, imprastruktura at access sa merkado ng lungsod.

Kamakailan, inanunsyo ng Toppits Food Ltd. ang pagpapalaki ng mga kakayahan sa produksyon ng pagkain at pagbili at pag-instala ng bagong kasangkapan sa pagproseso at pag-freeze ng pagkaing dagat sa bagong pasilidad nito sa Brampton. Makakatulong ito sa paglikha ng 60 bagong trabaho sa loob ng rehiyon ng Brampton, double sa kapasidad ng domestik na produksyon at maglalagat sa pundasyon para sa paglago sa hinaharap.

Ang Maple Leaf Food ay nakagawa ng malaking pamumuhunan sa komunidad ng Brampton sa 2021, na may pamumuhunan na \$80 milyon para sa bagong linya at kasangkapan, at nakadagdag ng 140 na orasang mga trabaho at 54 na may sahod na mga trabaho.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa sektor ng Pagkain at Inumin, bisitahin ang www.investbrampton.ca.

Mga Quote

“Ipinagmamalaki ng Lungsod ng Brampton ang makatanggap ng first place ranking mula sa Business Facilities Magazine bilang Lider ng Pagproseso ng Pagkain para sa pangatlong kasunod na taon. Ang ranking na ito ay patunay sa napakahusay na trabaho na ginagawa ng ating mga negosyo sa Pagproseso ng Pagkain at Inumin, at pati rin ng ating Economic Development team na sumusuporta sa kanila. May teknolohiya na nangunguna sa industriya, nangunguna sa kalidad na mga produkto at sa mayamang agrikultural na tradisyon nito, ang Brampton ay tunay na lider ng industriya sa sektor ng pagkain at inumin.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

"Ang makilala para sa pangatlong kasunod na taon sa Taunang Report ng Metro Rankings ng Business Facilities Magazine bilang #1 sa kategorya ng mga Lider sa Pagproseso ng Pagkain ay isang patunay ng ating dedicated na Economic Development team pati na rin ng lahat ng mga negosyo sa industriya at sa mga manggagawa nila. May pokus sa pagpapanatili at pagpapalaki ng negosyo ang Lungsod ay nagsisikap sa paghahatid ng mga bagong negosyo sa Brampton, habang sumusuporta sa ating kamangha-manghang umiiral na mga negosyo sa sektor ng pagkain at inumin.”

- *Martin Medeiros, Rehiyonal na Konsehal, Wards 3 at 4; Chair, Economic Development, Lungsod ng Brampton*

“Ang aming team sa Lungsod ng Brampton ay dedicated para suportahan ang ating komunidad ng negosyo – ang gulugod ng ating komunidad – sa bawat paraan na kaya natin. Ipinagmamalaki namin ang mga pagsisikap ng sektor sa Pagkain at Inumin – at ang ating dedicated na Economic Development team – na kinilala para sa pangatlong kasunod na taon na may #1 ranking mula sa Business Facilities Magazine.”

- *Paul Morrison, Interim Chief Administrative Officer, Lungsod ng Brampton*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

KONTAK NG MEDIA

Multicultural Media ng Lungsod ng Brampton
multiculturalmedia@brampton.ca